Australian Government
Medicare Australia

PBS

Pagdadala o pagpapadala ng mga gamot sa Palantuntunan ng Benepisyo sa Gamot sa ibang bansa

Maraming mga uri ng gamot na nagkakahalaga ng higit pa sa presyong iyong binabayaran - ang ilan ay nagkakahalaga ng daan-daang dolyar. Sa pamamagitan ng Palantuntunan ng Benepisyo sa Gamot o (PBS), ang Pamahalaan ng Australya ay tumutulong sa halaga ng malaking hanay o may-resetang gamot.

Ang lahat ng mga residente ng Australya ay may makukuhanang abot-kayang gamot sa pamamagitan ng PBS. Ang gamot mula sa PBS ay ay maaaring makuha rin ng mga karapat-dapat na mga bisita mula sa Italia, New Zealand, ang Republika ng Ireland, Finland, Norway, Malta, ang Netherlands, Sweden, Belgium at ang United Kingdom. Ang Australya ay mayroong Katugong Mga Kasunduan sa Pangkalusugang Pangangalaga sa mga bansang ito.

Bawal sa batas ang pagdadala at pagpapadala ng gamot na tinutustusan ng PBS papalabas ng Australya para sa mga kadahilanang liban sa pampersonal na gamit o pampersonal na gamit ng isang taong kasama mong naglalakbay mula sa Australya halimbawa., isang bata. Mayroon ding mga paghihigpit sa dami ng gamot ng mula sa PBS ang maaari mong madala o ipadala sa ibang bansa.

Ang mga taong nahulihang nagdadala ng gamot mula sa PBS na ginagamit ito sa ibang paraang hindi katugma sa pakay ay maaaring magmulta ng hanggang $5000 at/o dalawang taong pagkakabilanggo.

Pagdadala ng gamot na mula sa PBS sa ibang bansa

Kung nagpaplano ka ng pagbibiyahe sa ibang bansa, mahalagang dala mo ang iyong may-resetang gamot upang mapanatili kang nasa mabuting kalusugan habang ikaw ay nasa labas. Mahalaga ring suriin na ang iyong gamot ay hindi itinuturing na iligal sa bansang iyong nilalakbayan.

Kung magdadala ka ng gamot na mula sa PBS sa ibang bansa para sa iyong pampersonal na gamit o gamit ng isang taong kasama mo sa paglalakbay, dapat mong:

- kausapin ang iyong doktor at talakayin ang gamot na kakailanganin mong dalhin
- makipag-ugnay sa embahada ng bansang iyong binibisita upang matiyak na ligal doon ang gamot
- magdala ng sulat mula sa iyong doktor na nagdedetalye kung para saan ang gamot, ilan ang iyong dadalhin at isinasaad na ito ay para sa iyong sariling personal na gamit
- itago ang gamot sa orihinal nitong pinaglagyan upang malinaw itong may palatandaan ng iyong pangalan at mga tagubilin sa dosis.

Pagpapadala ng gamot na mula sa PBS sa ibang bansa

Kung plano mong magpadala ng gamot na mula sa PBS sa ibang bansa para sa iyong personal na gamit habang nasa ibang bansa, o para sa personal na gamit ng isang taong kasama mo sa paglalakbay mula sa Australya, dapat mong:

- kausapin ang iyong doktor at talakayin ang gamot na kakailanganin mong dalhin
- makipag-ugnay sa embahada ng bansang iyong binibisita upang matiyak na ligal doon ang gamot
- Maglakip ng sulat mula sa iyong doktor sa pakete na nakabalangkas ang mga detalye ng gamot, kung bakit mo ito ipapadala at isinasaad na ito ay para sa iyong pansariling gamit
- itago ang gamot sa orihinal nitong pinaglagyan upang malinaw itong may palatandaan ng iyong pangalan at mga tagubilin sa dosis
- Maglakip ng nakumpletong deklarasyon ng Customs, makukuha mula sa alinmang post office, sa iyong dala-dalahan na nagsasaad na ang bagahe ay naglalaman ng may-resetang gamot para sa iyong personal na gamit.

Ang pamimigay ng gamot na mula sa PBS para sa pamilya o mga kaibigan na hindi inireseta para sa kanila, ay hindi lang labag sa batas, subalit maaaring magbigay panganib sa kanilang kalusugan. Maaaring maging mapanganib ang pag-inom ng gamot na lipas na, o gamot na hindi natatanging inireseta para sa iyo.

Para sa karagdagang impormasyon

Online	**www.medicareaustralia.gov.au**
Email	**pbs@medicareaustralia.gov.au**
Tawagan ang	**1800 500 147**** (Impormasyon sa pagpapadala o pagdadala ng gamot mula sa PBS sa ibang bansa)
	1800 020 613** (PBS general enquiry line)
TTY	**1800 552 152**** (Sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita)
TIS	**131 450*** (Serbisyo ng salinwika at interpreter)

*May mga singil sa pagtawag.

**May mga singil sa pagtawag mula sa mobile at mga pay phone lamang.

1577_18g.04.11.09